

5

Mga Itatanong sa Iyong Sarili Sa Pagpili ng Isang Plano

Ang Health Insurance Marketplace ay nag-aalok ng mga iba-ibang klase ng plano upang matugunan ang kasarian ng mga pangangailangan at mga badyet. Karamihan sa mga tao ay kuwalipikado sa tulong pinansiyal upang makayanan ang sakop pangkalusugan. Paghambingin ang mga plano batay sa kung ano ang mahalaga sa iyo, at piliin ang kombinasyon ng halaga at sakop na angkop sa iyong mga pangangailangan. Itanong sa iyong sarili ang limang mga tanong na ito habang namimili ka ng sakop sa Marketplace.

1. Maaari ba akong makakuha ng tulong sa pagbabayad ng sakop sa Marketplace?

Maaari kang maging kuwalipikado sa tulong pinansyal upang mapababa ang halaga ng iyong sakop. Karamihan sa mga taong nagpapalista sa isang planong pangkalusugan sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) ay nakakakita ng mga planong may mababang premium na \$50–\$100 kada buwan na may pinansiyal na tulong. Matapos mong punuan ang isang aplikasyon sa Marketplace, malalaman mo kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong pinansyal upang mapababa ang halaga ng iyong buwanang premium at pangangalaga. Itong pinansiyal na tulong ay magagamit din sa sakop ng pangangalaga sa ngipin ng iyong anak, maging ito ay kasama sa iyong planong pangkalusugan o nag-iisang plano sa pangangalaga ng ngipin.

Alamin pa kung paano makakakuha ng mas mababang gastos sa Marketplace sa [HealthCare.gov/lower-costs](https://www.healthcare.gov/lower-costs).

2. Anong mga benepisyo ang sinasakop ng mga planong pangkalusugan?

Lahat ng mga plano sa Marketplace ay nag-aalok ng magkakatulad na takdang “mahalagang benepisyong pangkalusugan.” Ang mga benepisyong ito ay sumasakop sa mga bagay tulad ng mga pagbisita sa doktor, mga inireresetang gamot, mga pagpapa-ospital, pagbubuntis, at marami pa.

Ang mga planong pangkalusugan ay maaaring mag-alok ng iba pang mga benepisyo, tulad ng pangangalaga sa paningin, sa ngipin, o mga programa sa pamamahalang medikal para sa tukoy na sakit o kalagayan. Gayunman, ang mga tukoy na benepisyo ay maaaring iba-iba sa bawat estado. Kahit na sa kaparehong estado, maaaring may mga maliliit na pagkakaiba sa mga plano. Habang pinaghahambing mo ang mga plano, makikita mo ang mga benepisyo na sakop ng bawat plano.

3. Paano ako makakakita ng isang plano na angkop sa aking badyet at makatutugon sa aking mga pangangailangan?

Sa pagpili ng isang plano, mainam na isipin ang iyong kabuuang gastos sa pangangalagang pangkalusugan, hindi lamang ang premium na babayaran mo sa iyong kompanya ng seguro bawat buwan. Ang ibang mga gastos na out-of-pocket, gaya ng coinsurance o copayment, ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa iyong kabuuang paggasta sa pangangalagang pangkalusugan.

Upang makapili ng isang plano batay sa kabuuang mga gastos sa pangangalaga, kailangan mong tantiyahin kung magkanong pangangalaga ang malamang na gagamitin mo sa darating na taon. Kapag pinaghambing mo ang mga plano sa Marketplace, maaari kang pumili ng inaasahang paggamit sa medikal para sa bawat miyembro ng pamilya kung mababa, katamtaman, o mataas. Kapag tiningnan mo ang mga plano, makikita mo ang isang kalkula ng iyong kabuuang gastos—kasama ang buwanang mga premium at lahat ng gastos na out-of-pocket—batay sa inaasahang paggamit ng pangangalaga ng iyong sambahayan.

Ang mga plano ng Marketplace ay mailalagay sa 5 kategorya: Bronze, Silver, Gold, Platinum, at Catastrophic. **Ang mga kategoryang ito ay batay sa kung paano ka makikihati sa iyong planong pangkalusugan sa kabuuang gastos ng iyong pangangalaga.**

Karaniwan, ang mga kategorya ng plano na may mas mataas na mga premium (Gold and Platinum) ay magbabayad ng higit sa iyong kabuuang mga gastos sa pangangalaga. Ang mga kategoryang may mas mababang mga premium (Bronze and Silver) ay magbabayad ng mas kaunti ng iyong kabuuang mga gastos. Tingnan ang mga eksepsyon tungkol sa mga planong Silver sa ibaba.

Nota: Ang mga planong Catastrophic ay magagamit lamang ng mga taong hindi aabot sa 30 taong gulang o sa mga taong may eksepsyon dahil sa paghihirap. Upang makaalam ng higit pa tungkol sa eksepsyon sa paghihirap, bumisita sa [HealthCare.gov/fees-exemptions/hardship-exemptions](https://www.healthcare.gov/fees-exemptions/hardship-exemptions).

Narito kung paano ka makakahanap ng isang kategorya ng plano na gagana para sa iyo:

- **Kung umaasa ka ng maraming mga pagbisita sa doktor o mangangailangan ng palagiang mga inireresetang gamot:** maaaring magustuhan mo ang isang planong Gold o Platinum. Ang mga planong ito ay karaniwang may mas mataas na buwanang premium ngunit nagbabayad ng higit na marami sa iyong mga gastos kung mangangailangan ka ng pangangalaga.
- **Kung hindi ka umaasa na gagamit ng palagiang mga serbisyo medikal at hindi ka palagiang kumukuha ng mga inireresetang gamot:** maaaring magustuhan mo ang isang planong Silver, Bronze, o Catastrophic. Ang mga planong ito ay magkakahalaga sa iyo ng mas maliit sa bawat buwan, ngunit magbabayad ng mas kaunti sa iyong mga gastos kung mangangailangan ka ng pangangalaga.
- **Kung kuwalipikado ka para sa mga karagdagang matitipid sa mga gastos na out-of-pocket:** ang pinakamahasag na halaga para sa iyo ay maaaring ang planong Silver. Kung kuwalipikado ka para sa isang “**cost-sharing reduction**” batay sa iyong kita, maaari kang makakuha ng mas mababang deductible at Magbayad ng mas mababang mga gastos na out-of-pocket (kasama na ang mga **copayments** at **coinsurance**) kung kumuha ka ng pangangalaga – ngunit kung nagpatala ka lamang sa isang planong Silver.

4. Paano gumagana ang sakop sa ngipin sa Marketplace?

Matapos mong makumpleto ang iyong aplikasyon sa Marketplace at makuha ang iyong mga resulta, maaari mong makita ang mga planong pangkalusugan na kasama ang sakop sa ngipin. Ang sakop sa ngipin ay iniaalok na kasama sa ilang mga planong pangkalusugan, ngunit hindi sa lahat. Kung makapagpasiya ka na gusto mo ng sakop sa ngipin at hindi ito iniaalok ng iyong plano, maaari kang magpatala sa isang hiwalay na planong pang-ngipin na stand-alone kasabay ng pagpatala mo sa isang planong pangkalusugan. Ang ibang mga planong pang-ngipin ay sumasakop lamang sa mga bata at ang iba ay sumasakop sa mga pamilya. Kailangan mong suriin ang mga detalya ng plano upang tiyakin na ang mga benepisyong gusto mo ay kasama sa plano.

Ang sakop sa ngipin para sa mga bata sa Marketplace ay isang mahalagang benepisyong pangkalusugan. Nangangahulugan ito na kung ang iyong anak ay 18 taong gulang o mas bata pa, ang sakop sa ngipin ay kailangang magagamit bilang kasama sa isang planong pangkalusugan o isang planong pang-ngipin na hiwalay.

Ang mga planong pang-ngipin sa Marketplace ay mailalagay sa 2 mga kategorya ng plano: Mababa at Mataas. Ang mga kategoryang ito ay batay sa kung paano kayo maghahati ng iyong plano sa mga kabuuang gastos sa pangangalagang pang-ngipin para sa mga bata (ang mga kategorya ay magagamit lamang sa mahalagang benepisyong pangkalusugan sa sakop na pang-ngipin para sa bata). Ang kategorya ng planong pang-ngipin na pipiliin mo ay makaka-apekto sa kabuuang halaga na malamang na gagastahin mo sa out-of-pocket para sa pangangalagang pang-ngipin ng iyong anak sa loob ng isang taon.

5. Masasakop ba ang aking doktor at inireresetang mga gamot?

Bago mo paghambingin ang mga plano sa Marketplace, mayroon kang pagkakataon na isulat ang iyong mga doktor, mga pasilidad pang-medikal, at mga inireresetang gamot. Kapag nakita mo ang mga plano, makikita mo ang mga doktor, mga pasilidad pang-medikal, at mga inireresetang gamot na isinulat mo na sakop sa bawat plano.

Mga Tanong? Makapagbibigay ng tulong.

- Bumisita sa [HealthCare.gov/choose-a-plan](https://www.healthcare.gov/choose-a-plan) para sa karagdagang impormasyon.
- Humanap ng isang tao sa iyong lugar na makatutulong sa iyo sa [Localhelp.HealthCare.gov](https://www.localhelp.healthcare.gov).
- Makipag-ugnay sa Marketplace Call Center sa **1-800-318-2596**. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-855-889-4325.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka rin na maghain ng reklamo kung nararamdaman mo na ikaw ay diniskriminahan. Bumisita sa [CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice.html](https://www.cms.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice.html), o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay makakatawag sa 1-855-889-4325.

Binayaran ng Department of Health & Human Services.

